OPISINA NI MARK CHURCH

# PUNONG OPISYAL NG HALALAN AT TAGATASA-KLERK-TAGATALA NG COUNTY

DIBISYON NG PAGPAPAREHISTRO AT MGA HALALAN

# Nobyembre 8, 2022 Pambuong Estado na Pangkalahatang Halalan

## MAS MARAMING ARAW, MAS MARAMING PARAAN SA PAGBOTO!

### Sample na Balota at Pamplet ng Impormasyon ng Botante

Simula sa Setyembre 29, 2022, ipapadala sa pamamagitan ng koreo ang **Sample na Balota at Pamplet ng Impormasyon ng Botante** sa bawat rehistradong botante sa County ng San Mateo at makukuha online: ***smcvote.org***. Nagbibigay ang pamplet ng mahalagang impormasyon tungkol sa **Nobyembre 8, 2022** Pambuong Estado na Pangkalahatang Halalan at iba't-ibang mga opsyon na magagamit ng botante.

Pinahihintulutan ng **"Where's My Ballot?"** ang mga botante na masubaybayan ang kanilang mga balota mula sa sandaling ipadala ito ng aming opisina hanggang sila ay ibalik. Mag-sign up sa *smcvote.org* upang makatanggap ng mga alerto sa text, mga notipikasyon sa email at mga update.

**Ang Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo ay Ligtas, Madali at Maginhawa.** Lahat ng rehistradong botante ay padadalhan ng isang **Opisyal na Balota**, na may pambalik na sobre na bayad ang selyo bago ang Oktubre 10, 2022. Ibalik ang inyong balota sa koreo, sa isang Kahong Hulugan ng Balota o sa isang Sentro ng Pagboto.

**Mga Lokasyon ng Kahong Hulugan ng Balota.** Magkakaroon ng 50 lokasyon ng Kahong Hulugan ng Balota na madiskarteng inilagay sa buong County. Tingnan ang mga lokasyon sa *smcvote.org*.

**Mga Sentro ng Pagboto.** Magkakaroon ng 45 na Sentro ng Pagboto na matatagpuan sa buong County para sa personal na pagboto at mga serbisyo sa botante. Para sa mga lokasyon at oras ng Sentro ng Pagboto, bisitahin ang *smcvote.org*.

**Ang Curbside na Drop-Off ng Balota** ay magagawa sa 14 Sentro ng Pagboto sa Araw ng Halalan, nagpapahintulot sa mga botante na ligtas na ihatid ang kanilang mga balota sa mga Sentro ng Pagboto nang hind na kailangang bumaba sa kanilang mga sasakyan.

**Remote Accessible Vote by Mail (RAVBM) System.** Bumoto gamit ang Sistemang RAVBM kahit saan na mayroon kayong **computer, printer at internet connection.** Gamitin ang inyong computer upang markahan ang inyong pinili, i-print ang inyong balota at ibalik bago o sa Araw ng Halalan. Tingnan ang mga tagubilin sa *smcvote.org*.

**Bisitahin ang smcvote.org o @smcvote**
**Tumawag o Mag-text sa: 650.312.5222**

San Mateo County
Registration & Elections Division
40 Tower Road
San Mateo CA  94402-4035

NONPROFIT ORG.
U.S. POSTAGE
PAID
REDWOOD CITY, CA
PERMIT NO. 451

OFFICIAL ELECTION MAIL
Authorized by the U.S. Postal Service ®




**Mga Digital na Sticker**
Kunin ang inyong digital "Ako ay Bumoto" na sticker at ipagmalaki sa inyong mga social media page. Mayroong hiwalay na digital sticker para kilalanin ang mga taon na rehistrado kayo para bumoto.

Ang mga digital sticker ay maaaring matagpuan sa pahinang ***My Election Info*** sa ***smcvote.org***.

® GCC/IBT 847-M
IBT 853